Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte


TAON 4, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com






Gob. Edgardo A. Tallado

Tulong Na Tabang Na Tayo Na




# Biktima ni 'Yolanda' nagpapasalamat sa CamNorte




Nagsagawa ng *relief operation* ang Camarines Norte sa mga biktima ng bagyong Yolanda sa 24 na barangays sa bayan ng Basey, sa Eastern Samar. Dito ay may 9,720 pamilya ang nabigyan ng relief goods at used clothings maliban pa sa 500 relief packs na ipinagkaloob sa *Philippine Red Cross* sa Samar. Nabigyan din ng serbisyong medikal ang 701 indibidwal.

Naibsan ang kalungkutan, nalapatan ng lunas ang sugat at iba pang karamdaman at napakalma pansuman-dali ang mga taga Basey, Eastern Samar na biktima ng bagyong Yolanda dahil sa ***relief operation at medical mission*** na isinagawa roon ng Camarines Norte noong Nob. 17 sa ilalim ng *Operation* Tabang na inilunsad ni Gob. Edgardo A. Tallado upang makapagbigay ng tulong ang Camarines Norte sa mga nasalanta ni 'Yolanda'.

Natugunan din ang kanilang pangangailangan sa pagkain kahit papaano dahil sa 12,000 *food packs* na naglalaman ng tig-3 kilong bigas, *noodles*, sardinas, *corned beef* at inuming-tubig gayundin ang ilang sako ng *used clothing* na ipinamahagi rin sa kanila.

Ipinarating ni Gob. Ann Tan ng Samar *(Western)* ang kanyang pasasalamat sa mga taga Camarines Norte sa pamamagitan ng panayam ni Rick Palacio ng *Radyo ng Bayan*. Ayon kay Gob. Tan, kahit daw nahihirapan ang kanyang mga kababayan, naramdaman nila na hindi sila nag-iisa dahil sa pagdamay ng iba't-ibang probinsiya tulad ng Camarines Norte.

Matatandaan na ipinag-utos ni Gob. Tallado ang pagpapalabas ng pondo mula sa *Quick Respnse Fund-Local Disaster Risk Reduction and Management Fund (QRF-LDRRMF)* ng pamahalaang panlalawigan na pinahintulutan sa ilalim ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 407 at 414 para sa *medical* at *relief operation* sa Central Visayas kasama na ang mobilisasyon ng *Team Camarines Norte* sa pagtungo sa Basey, Samar.

Bago tumulak doon ang *Team Camarines Norte* ay nauna na sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at *Provincial Director* Edwin Garcia ng *DILG* Camarines Norte na nakipag-ugnayan sa *Philippine Ports Authority* para sa pagbyahe ng mga sasakyang patungong Samar *via RORO* o *roll-on, roll-off ships*.

Sa ulat ni Dr. Myrna P. Rojas, *Acting Provincial Health Officer, marami ang kanilang nilagyan ng swero dahil pawang dehydrated na. Marami ring sugatan ang kanilang ginamot. Mayroong nanganak noong kasagsagan ng bagyo na kanilang ipinasundo upang matiyak na hindi nagkaroon ng impeksyon ang ina at sanggol. Ayon pa sa mga taga-Basey, Samar ang grupo nila Acting PHO Dr. Rojas ang unang naghatid sa kanila ng medi-*

*(Sundan sa pahina 3)*

# Kilos Kontra Filariasis pangunahing target ang Kabihug

Pinangunahan ni *Asst. Secretary Dr.* Enrique A. Tayag ng *Department of Health (DOH)* ang adbokasiya kontra sa paglaganap ng *filariasis* dito sa Camarines Norte sa *Filaria Mass Drug Administration Advocacy* na idinaos noong Oktubre 30 sa bayan ng Paracale.

Tampok sa isinagawang programa ang pamamahagi ng gamot kontra *filariasis* na *Albendazole* (pamulate) at *DEC -diethylcarbamazine-citrate (for the filaria worm).*

Bilang seremonya ng *mass drug administration* ay pinainom ng gamot si

*(Sundan sa pahina 4)*



***Umiinom ng gamot kontra filariasis si Terry Velasco, Kabihug Chieftain habang nakamasid si Asst. Secretary Dr. Enrique A. Tayag. Inihahanda naman ni Dr. Myrna P. Rojas ang gamot na iinumin ng isang pang kabihug.***

## Nilalaman

Pamamalakad ng APTC pinag-aaralan, kawaning mamamahala dumalo sa pagsasanay p2
Board Passers, mga dating regular na kliyente ng library p2
Pasasalamat para sa Operasyon Tabang p3
Tuluy-tuloy, tulong sa barangay p3
NAPC nais itala pangangailangan ng kabaibahan p3
Bukas na liham ng pasasalamat at suporta sa Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III p4
OPERASYON TABANG p5
House Bill para sa cancer patient at honorarium ng BHW suportado ng CamNorte p6
Sining at Kultura dapat paigtingin, konseho para dito itinatag p6
Mga guro bumida rin sa Aral-Kalikasan p7

# Pamamalakad ng APTC pinag-aaralan, kawaning mamamahala dumalo sa pagsasanay



*Patuloy ang konstruksyon ng Agri-Pinoy Trading Center na tinatayang matatapos sa Pebrero 2014 . Sinimulan ang kontruskyon nito matapos ang ground breaking ceremony noong Hulyo 9 sa kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang proyektong alay niya sa Camarines Norte.*

Kaakibat ng pagtatayo ng *Agri –Pinoy Trading Center (APTC)* sa lalawigan ay ang pagpapaunlad sa kaalaman at kasanayan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na mamamahala ng pagpapatakbo nito kasama ang ilang indibidwal mula sa grupo ng mga magsasaka. Ang *APTC* sa Mati, Vinzons na tinatayang matatapos sa Pebrero ng susunod na taon ay agad na magsisimula ang operasyon.

Dahil dito, ang mga pangunahing mangangasiwa ng *APTC* na mula sa *Office of the Provincial Agriculturist (OPAG)* na sina *Acting Prov'l. Agriculturist* Francia Pajares, Helen Abordo, Melinda Jerez, Susana Cereno, at Isaas Burac ay dumalo sa *APTC Basic Operations Training* na idinaos noong Nob. 11-15 sa *Hotel Supreme*, Baguio *City*.

Nakasama rin nila rito sina Bardon ng *Provl. Planning and Development Office,* at Marilyn Soltes mula sa *Provincial Accounting Office*. Sina Benedicto Palmares ng Basud at Marvin Mago ng Labo na kinatawan ng sektor ng agrikultura ay nakasama rin nila.

Itinaguyod ng *Department of Agriculture-Agribusiness and Marketing Assistance Service (DA -AMAS)* ang 5-araw na pagsasanay na dinaluhan din ng mga kinatawan mula sa Rehiyong I, II, III, IV-A, V, *Cordillera Autonomous Region*, at Nueva Viscaya

Inilahad dito ni Rey Almenario ng *NABCOR* ang kasalukuyang *wholesale markets* ng mga *agri-fishery products* na may presensya ng *monopsonistic (single buyer)* at *oligopsonistic* (konting mamimili kontra sa grupo ng mga magsasaka/mangingisda).

Sa mga pampublikong merkado aniya *(public markets)*, ang mga magsasaka at mangingisda ay inidibidwal na ibinebenta ang kani-kanilang ani at/o huli kaya sila ay madalas na nabibiktima ng pagmanipula sa presyo ng mga mangangalakal/mamimili *(traders/buyers)*.

Batay aniya sa ilang pag-aaral, ang *retail prices* ay 3-5 beses na mas mataas kaysa sa *farm gate price* o presyo bago dalhin sa pamilihan dahil sa pagdaan ng produkto sa mga tagapamagitan o ahente na 'laway' lang ang puhunan, ika nga.

At ang nakitang solusyon dito ay ang pagtatayo ng mga *APTCs* bilang *wholesale trading facility* na ang operasyon ay patatakbuhin at kokontrolin ng mga magsasaka at mangingisda. Ang *host LGU* ay maaaring magbigay ng *policy support* gaya ng pagpasa ng ordinansa na nagtatakda sa *APTC* ang *wholesale trading site*.

Para matiyak ang mahusay na pamamahalang pampinansyal ng mga *APTCs*, tinalakay ni Mercedes Peñaredondo ang *basic accounting* na sumentro sa depinisyon ng *assets*, *liabilities*, *equity*, *income* at *expenses*.

Binigyang-diin sa pagsasanay na ang bubuuing *Manual of Operations* ng *APTCs* ay dapat na ayon sa *COA auditing rules* at *procedures*.

Ang *sustainability* ng *APTC* ay nakadepende sa mahusay na pamamahala sa suplay at sa maayos na pag-iskedyul ng pagbili *(procurement)*, pagbenta *(trading)* at pagdeliber *(delivery)* ng mga panindang aning gulay, isda at iba pa nang sa gayon ay hindi maging *white elephant project* ang *APTC*, ayon kay Rey Sagun, *project manager* ng *NABCOR*.

Idinagdag pa ni Sagun na ang mga magsasaka ang tunay na may-ari at siyang gagamit ng mga pasilidad ng *APTC* at ang mga mangangalakal *(traders)* ang siyang mga mamimili *(buyers)*. Ipinaalala niya na ang unang dapat gawin ay igrupo ang mga magsasaka bilang mga klasters na may 5-15 miyembro para maging *single production unit* sa halip na *individual farmer*.

Para maging matagumpay ang *APTC*, ang moral at prinsipyo ng mga tagapamuno nito ay dapat ding patatagin. Kailangan ding ligtas at de-kalidad ang mga produkto nito, matatag ang presyo, at may tiyak na dami ng suplay. Mahalaga rin ang pagbuo ng *market strategies* para sa *networking*, *sustainability* at *customer satisfaction*.

Ibinahagi rin dito ang mga paraan para maging epektibong manedyer at kung paano gumawa ng *operational plan*. Kasama rito ang pagbigay-prayoridad sa mga lokal na aning produkto kaysa sa mga inangkat lamang sa pamamagitan ng pag-aproba ng kaukulang ordinansa pati na ang pakikiisa ng mga ahen-

*(Sundan sa pahina 4)*

## Board Passers, mga dating regular na kliyente ng library

Marami sa mga nakapasa kamakailan sa ibat'-ibang board exams na mga taga-Camarines Norte ay mga palagiang kliyente ng provincial library para sa kanilang pagsasaliksik at pag-aaral, ayon kay Lorenia Tuazon, Librarian Designate.

Ito ay sina Jessica Encinas, Parlyn Adao, Geraldine Mustar na mga bagong pasa bilang **Certified Public Accountant**; sina Anthony D. Aguirre, Mary Rose G. Cerojales, Mac Jason Diaz, John Michael O. Eco, Arnulfo O. Hegina, Ma. Leah B. Jerez, Daniel V, Macalde, Mylene S. Peña bilang bilang **Electrical Engineers;** sina Jared H. Mapusao, Jomly S. Oida, Romer T. Berdin, Ryan Diones, Welmer B. Odi, Jobert I. Esperida Jr. Hazel Anne G. Sureta, Jonas M. Dipasupil bilang **Registered Master Electrician;** at sina John Carlo Agris, Marks S. Albao, Mark Neil M. Bacuño, Darwin C. Caymo at Rodmark S. Gandol bilang **Mechanical Engineers.**

Sila ay pinagkalooban ng *Certificate of Recognition* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte bilang pagkilala sa magandang gawi nila bilang mga dating mag-aaral at magsilbing halimbawa sa mga mag-aaral ngayon.

Ang pagkilala ay bahagi ng programang isinagawa sa okasyon ng *22nd Library Information and Services Month* tuwing Nobyembre, ngunit marami sa kanila ay hindi nakadalo sapagkat kasalukuyan nang nagtratrabaho o naghahanap pa ng mapapasukang hanap-buhay.

Kaugnay pa rin ng *Library Information and Services Month*, nagsagawa rin ng *film showing* ukol sa *disaster preparedness* noong ika-11 ng

*(Sundan sa pahina 7)*



*Makikita sa larawan ang sampung kalahok mula sa mga pampamahalaan at pribadong paaralang sekondarya mula sa ikalawang distrito ng lalawigan. Ito ang unang pagkakataon na nagsagawa ng quiz bee a ng Provincial Library para sa mga secondary schools.*

## Bukas na liham...

*(Mula sa pahina 4)*

mayroong sinseridad sa panunungkulan at tunay na hangaring magkaroon ng pagbabago.

Sa kanilang pagtutulungan, nadama namin na ang aming payak na probinsiya ay mayroon ding halaga at bahagi ng isang umuunlad na bansa. Sa ngayon, maraming positibong pagbabago na ang aming naramdaman sa pagpupunyagi ng aming mahal na gobernador at tunay na pagkalinga ng ating mahal na Pangulong Aquino.

Dahil sa DAP ng ating mahal na pangulo na pangunahing pinagkunan ng pondo upang kami ay matulungan, naging mabilis ang aming pag-unlad at agad na naisakatuparan ang mga programa at proyekto ng inilapit ng aming gobernador sa mahal na pangulo tulad ng:

1. FARM TO MARKET ROADS
2. IRRIGATION PROGRAMS, FARM INPUTS AND MACHINERIES
3. RURAL ELECTRIFICATION PROGRAM
4. PANGKALUSUGANG PANGKALAHATAN
5. PAGPAPALAKAS NG TURISMO

Sa kabuuan, marami pang POSITIBONG PAGBABAGO ang naramdaman namin dito sa aming probinsiya. At batid namin na ito ay nangyari dahil sa pagpupursige at sinseridad ng aming GOBERNADOR at walang pag-iimbot na suporta ni PANGULONG AQUINO at ng kanyang administrasyon.

Tumatahak na po tayo sa tuwid na landas. Ang tunay na pagbabago at pagbangon ng ating bansa nangyayari na rin sa wakas… Bilang Bikolano at responsableng Pilipino… pag-iingatan namig ito.

Kami ay nananawagan sa iba pang probinsiya na gumawa rin ng kahalintulad na pagdeklara ng PAKIKIISA at PAG-SUPORTA sa ating mahal na PANGULONG AQUINO, lalo na yaong mga probinsiya na nagkaroon din ng positibong pagbabago buhat ng manungkulan ito sa ating bansa.

Salamat po.

# Biktima ni Yolanda...

*(Mula sa pahina 1)*

*cal mission.*

Naging mahirap ang pagtungo roon ng *Team Camarines Norte* ngunit sulit umano ang kanilang pagod dahil alam nilang kahit paano ay nakatulong sila sa kanilang kapwa.

*Umalis noong Nob. 16, ika-2 ng hapon ang 7 trak ng kapitolyo na puno ng relief goods at used clothing, 1 trak ng AFP, 4 pang maliliit na sasakyan para sa medical team at social workers, 1 police vehicle at isang rescue vehicle ng PDRRMO. Dumating sila ng ika-8 ng gabi sa Camp Ola, Legazpi City na siyang ipunan ng lahat ng pupunta sa Matnog Port upang makipag-ugnayan sa AFP at PNP. Ganap na ika-5 ng umaga ng Nobyembre 17, dumating ang grupo sa Matnog Port sa Sorsogon kung saan ika-3 ng hapon sila nakaalis patungong Allen Port, Samar kung saan dumating naman sila bandang ika-6 ng gabi.*

*Naging mahaba ang oras ng paghihintay ng Team Camarines Norte para makasakay sa RORO dahil sa haba ng pila ng mga sasakyan galing sa iba't-ibang lugar na nagsasagawa rin ng relief operations sa Central Visayas. Sa wakas, noong Nob. 18, dakong ika-3:30 ng madaling araw, dumating sila sa Catbalogan, Samar at saka dumiretso sa Basey, Samar kung saan sila nagsagawa ng relief operations at medical mission. Madaling araw ng Nobyembre 20, nakabalik dito sa lalawigan ang Team Camarines Norte.*

Ang *Team* Camarines Norte para sa *Operasyon* Tabang ay binuo ng 67 katao. Kabilang dito ang mga *volunteers* mula sa *Philippine Red Cross* Camarines Norte na pinamumunuan ni Gng. Josie B. Tallado bilang pangulo; ang *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* sa pangunguna ni *Acting PSWDO* Cynthia R. dela Cruz, at iba pa.

Pinangunahan naman ni *Acting PHO Dr.* Rojas *ang medical team na kinabibilangan nina Dr. Ramon Echano, Dr. Liza at Dr. Philip Palencia, na siyang namumuno sa HEMS Team;* Cynthia R. dela Cruz para sa *relief operation*; ilan pang opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at kinatawan ng *media*.

*Samantala ang HEMS o Health and Emergency Medical Services ng CNPH na kasama sa medical mission ay ang grupong tumutugon sa emergency and disasters situation. Sila ay nagsanay sa ilalim ng pat-*

*(Sundan sa pahina 7)*

# Pasasalamat para sa Operasyon Tabang



*Taimtim na nananalangin ang medical team bago ang panggagamot sa mga biktima ni Yolanda sa Basey, Samar. Ang nasirang simbahan ng San Antonio de Padua Quasi-Parish Church sa San Antonio, Basey ang nagsilbing sentro ng panggagamot. Makikita sa background ang imahe ng Poong Hesukristo na nakapako sa krus at hindi natibag ng hagupit ni Yolanda.*

Ipinaabot ni Gob. Tallado ang kanyang taus-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong para maisakatuparan ng pamahalaang panlalawigan ang *Operasyon Tabang* para sa mga biktima ng bagyong 'Yolanda'.

Nakapagdala ang *Team* Camarines Norte ng ayuda para sa mga nabiktima ni 'Yolanda' na kinabibilangan ng humigit-kumulang sa 12,000 *food packs* bukod pa sa mga *used clothing* na umabot din ng isang trak ang dami.

Bilang pakikisimpatya sa mga kapatid natin sa *Central Visayas*, hindi na rin magdaraos ng *Christmas party* ang pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte. Sa halip, ang katumbas na halaga ng gagastusin sa okasyon ay ipinadala na lamang sa mga nasalanta ni 'Yolanda'.

Matatandaan na noong Nob. 15, sa *Camarines Norte Agro Sports Center* ay nagsama-sama at nagtulung-tulong ang ating mga kababayan sa pagpakete ng libu-libong plastik ng mga pagkain at *used clothing* na siyang ipinamigay sa Basey, Samar. Pinangunahan ito ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan, kasama ang mga *CNPGCEAP Scholars*; *SPES recipients*, mga mag-aaral mula sa Mabini *Colleges Nursing Department*; *La Consolacion College of Daet*, at *Microsystems College Foundation*, at mga mag-aaral at ilang guro mula sa San Roque *National High School* at Mercedes *Tech. Voc. High School* sa patnubay ng *Municipal Disaster & Risk Reduction Council* ng bayan ng Mercedes. Nakiisa rin dito ang grupo ng *PRC-CN Chapter*; Kiwanis *Club of* Bintao, at ibang sosyo-sibikong organisasyon.

Marami ring pribadong indibidwal ang nagkaloob ng *used clothing* na kanilang ipinadala sa Radyo ng Bayan na dinala naman nito sa *PSWDO*, at isinama sa mga ipinagkaloob sa mga biktima ni 'Yolanda'. Ang mag-asawang Alfie at Janet Pimentel ng bayan ng Daet ay nagkaloob din ng saku-sakong *relief goods*.

Hanggang ngayon ay patuloy pa rin ang dating ng mga *relief goods* gaya ng mga *used clothing*. Maglalabas naman ang *PSWDO* ng listahan ng mga nagbigay ng tulong para mapasalamatan.

Kasabay nito, muling nanawagan si Gob. Tallado sa lahat ng mga taga-Camarines Norte na patuloy na magbigay ng tulong at suporta sapagkat tunay na malaki ang pangangailangan ng mga nasalanta ni 'Yolanda'. Hiniling din ng gobernador sa lahat na makiisa sa patuloy na pagdarasal ng sambayanan para makayanan ng mga biktima ni 'Yolanda' ang makabangon mula sa grabeng trahedyang naranasan nila.

Sa kasalukuyan, inihahanda na rin ang *second batch* ng tulong na dadalhin ng *Team Camarines Norte* sa Samar. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO/jingcalimlim***

# Tuluy-tuloy, tulong sa barangay

Hanggang ngayon ay patuloy pa rin ang walang humpay at masigasig na pagbibigay ni Gob. Edgardo A. Tallado ng mga tulong at suporta sa iba't-ibang proyekto at gawain para sa kanyang mga kababayan sa 12 bayan ng lalawigan.

Kamakailan ay natapos na ang konstruksyon ng *Senior Citizens Building* sa Brgy. Cobangbang, Daet na nilaanan ng pondo ni Gob. Tallado. Pinipinturahan na ito ngayon bago ang *ribbon cutting* at *turn over ceremony* ng proyekto na isasagawa sa malapit na hinaharap.

Naibigay na rin ni Gob. Tallado ang *fiber glass board* na hiniling ng mga residente ng Purok 6 sa Brgy. Cobangbang pa rin.

Samantala, pinakikinabangan na ng mga residente ng Purok 3, Brgy. Borabod ang proyektong *pathway* na una na nilang hiniling sa gobernador na mapunduhan ng tanggapan nito.

Sinuportahan din ni Gob. Tallado ang konstruksyon ng *spring development project* sa Purok 4, Brgy. Macogon, Labo sa pamamagitan ng pag-

***(Sundan sa pahina 7)***

# *NAPC nais itala pangangailangan ng kababaihan*

Isa ang Camarines Norte sa tututukan ng *National Anti – Poverty Commission (NAPC)* katuwang ang *United Nations Population Fund (UNFPA)* upang maitala ang pangangailangan ng mga kababaihan ganundin ang tamang pagpapatupad ng mga nakalatag na programa bilang solusyon sa kinakaharap nilang suliranin.

Ito ay ipinabatid ni Carol Bello, *Project Coordinator* ng programang *Linking PopDev/RH/Gender to Poverty Reduction* sa kanyang pakikipagpulong noong ika-6 ng Nobyembre sa mga kinatawan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Tinalakay rin sa pulong ang layuning paigtingin ang implementasyon ng komprehensibong pangkalusugang serbisyo para sa mga kababaihan.

Sa pamumuno ni Ms. Bello ay tinalakay ng mga dumalo sa pagpupulong na sina *Board Member* Tess Malubay; Dr. Myrna Roxas, *Dr.* Jocelyn Iraola, *Acting PSWDO* Cynthia Dela Cruz, *Acting PIO* Jing A. Calimlim, Dina Baleza at Lil P. Avellana–*manager* ng *Daet Technology & Livelihood Development Center* ang ilang mga mungkahing gawain upang mapondohan ng *UNFPA* at maipatupad ng mga lokal na pamahalaan dito sa Camarines Norte. Kabilang sa mungkahi ay ang pagkakaroon ng programa sa radyo para sa kapakanan ng kababaihan at pagsasagawa ng *values formation* sa mga kabataang kababaihan.

Ang programa ay bahagi ng *capability building activities* para sa *Basic Sectors/Civil Society Organizations* para sa siyam na prayoridad na probinsiya sa bansa na kabilang nga ang Camarines Norte.

Isa rin ito sa pagpapatuloy na mga hakbangin ng Pamahalaan upang maatim ang *Millennium Development Goals (MDG)*; kung saan nakapaloob dito ang pagtataguyod ng *gender equality* at magbigay ng kapangyarihan sa mga kababaihan, ganun rin ang pagpapabuti sa kalagayan ng mga ina at nagdadalantao.

Pinuri naman ni Carol Bello si Gobernador Edgardo A. Tallado at ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa "matagumpay nitong pakikipagbaka upang tuldukan ang kahirapan sa probinsiya".

Sa pinakahuling talaang ipinalabas ng Na-

***(Sundan sa pahina 4)***

# Bukas na liham ng pasasalamat at suporta SA PANGULONG BENIGNO SIMEON C. AQUINO III

Mula sa MAMAMAYAN NG CAMARINES NORTE
Sa pamumuno at pamamagitan ni:
GOBERNADOR EDGARDO "EGAY" A. TALLLADO

Ang ating minamahal na PANGULO, KAGALANG-GALANG BENIGNO SIMEON C. AQUINO III ay biktima ngayon ng iba't-ibang uri ng mapanirang kritisismo at batikos upang mailihis ang atensyon ng publiko sa tunay na isyu.

Hindi ang Pangulong Aquino ang magnanakaw. Bagkus ang malakas at matapat niyang liderato ang dahilan kung bakit ang matagal ng katiwalaan sa gobyerno ay nalalantad ngayon sa publiko. Nagkaroon ng lakas ng loob ang mga kawani at simpleng mamamayan upang magsiwalat ng katotohanan dahil batid nilang ang Pangulo ng bansa sa kasalukuyan ay kanilang masasandigan. Seryoso ang pangulo na ipakita ang mga nakalipas na kamalian sa pamahalaan upang huwag na itong maulit pa at tumahak ang bawat isa sa tuwid na daan. Nais niyang ibalik ang tiwala ng tao sa gobyerno, ng ibang nasyon sa ating bansa upang magbukas ito ng pintuan sa mas masaganang ekonomiya at malawak na oportunidad tungo sa pag-unlad ng Pilipinas.

Ngunit ano itong nangyayari? Bakit inililihis ang isyu sa PDAF *(Priority Development Assistance Fund)* at siya ngayon ang pinagpapaliwanag ukol sa DAP *(Disbursement Acceleration Program)*. Nakakarimarim ang pagnanakaw ng PDAF ng ilang mambabatas na dapat nilang panagutan sa mata ng tao at ng Diyos. Nasaan ang mga proyekto at programang ang pondo dapat sana ay tinatamasa ng mamamayan lalo na ng mahihirap ngunit ang pondo ay naibulsa na pala.

Samantala, nadama naman namin mula sa Pangulo ang pagbuhos ng proyekto at programa mula sa kanyang pondo. Sa matagal na panahon at sa kabila ng maraming pulitikong nanilbihan matapos naming pagtiwalaan- ang aming minamahal na probinsiya ay matagal na napag-iwanan. Sa katunayan, kami ay nabilang sa labing-apat (14) na pinakamahirap na probinsiya sa buong Pilipinas ng maraming taon.

Ang dati naming kalagayan ay hindi nalalayo sa dating kalagayan ng ating bansa. Paulit-ulit kaming nagtiwala sa mga dating nanungkulan subalit nanatili kaming lugmok sa kahirapan at mistulang pinabayaan. Salamat na lamang at naluklok si Pangulong Aquino kaalinsabay ng pagkakaluklok bilang gobernador ng isang Edgardo "Egay" A. Tallado na kapwa

*(Sundan sa pahina 2)*

*(Mula sa pahina 1)*

Terry Velasco, Kabihug *Chieftain* at iba pang kabihug.

Sa programang isinagawa ay nabatid mula sa mensahe ni *Acting Provincial Health Officer Dr.* Myrna P. Rojas na ang *'sentinel' site* ng *filaria program* sa Camarines Norte ay nasa Brgy. Batobalani, Paracale.

Batay rin sa kanyang ulat, ngayong taon ay mayroong 19 na kaso ng *filariasis* sa mga kabihug sa bayan ng Capalonga.

Noong 2011 nang huling magsagawa ang *DOH* ng *blood test* dito sa Camarines Norte, naitala ang 8 kaso ng *filariasis*. Kadalasan itong dumadapo sa mga kabihug.

Ayon naman sa talaan ng *National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)* 1,439 kabihug dito sa lalawigan.

Samantala, nagkaroon din ng *motorcade* na umikot sa mga barangay ng Malacbang-Batobalani-Capacuan at Poblacion Norte sa Paracale. Bahagi pa rin ito ng programa kontra *filariasis*.

Ang *filaria* ay isang *major parasitic infection* na patuloy na banta at problemang pangkalusugan sa bansa. Ang impeksyon ay sanhi ng kagat ng lamok na may dalang *filaria*. Nagiging sanhi ito ng pagkakaroon ng maliliit na bulate sa dugo na bumabara sa mga kulani sa loob ng katawan. Ang bahagi ng katawan na karaniwang naaapektuhan ay ang paa, bayag at suso.

Ang *filariasis* ay tinatawag ding *Elephantiasis*

# Kilos kontra filariasis...



*Nagpaunlak ng sayaw si Asec Tayag na sumikat sa pagsayaw ng gangnam pasko dance bilang kampanya laban sa paputok. Hinikayat niya ang mga kabataan na sumayaw na lang kaysa bumili at gumamit ng paputok na tinawag na gangnam. Sumabay rin sa pag-indak si Mayor Romeo Moreno ng Paracale (dulong kaliwa) na siyang host town at sina Mayor Ronnie Magana ng Talisay, at Acting PHO Dr. Myrna P. Rojas*

na nagdudulot ng grabeng kirot, labis na pamamaga at paglaki ng paa at *genital organs* – na karaniwang senyales ng *late-stage disease*.

Sa maikling programang isinagawa noong Okt. 30 ay nagpaunlak ng sayaw si *Asec* Tayag. Ang mga opisyal ng *DOH Center for Health Development Bicol* at halos lahat ng dumalo sa okasyon ay nakigaya at sumabay rin sa kanyang pagsayaw.

Si Asec Tayag ay nakilala at kinagiliwan sa pagsayaw niya ng *gangnam pasko dance* bilang kampanya kontra paputok.

Sa kanyang pagbisita dito sa Camarines Norte kanya namang pinalalaganap ang adbokasiya kontra *filaria* sa layuning makamit ang target na 85% *Mass Drug Administration.*

Ayon sa kanya isa sa mga pangunahing istratehiya ito para masugpo ang *filaria* at maging *filaria -free* ang Camarines Norte. Ang implementasyon ng programa ay masigasig namang itinaguyod ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO).* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/norjeen abarca/ jingcalimlim***

# Pamamalakad ng...



*Ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na dumalo sa APTC Basic Operations Training (mula sa kaliwa) - Acting Provl. Agriculturist Francia Pajares, Helen Abordo, Melinda Jerez, Susana Cereno, Marilyn Soltes, Marvin Mago, Thelma Bardon, Benedicto Palmares at Isaias Burac.*

*(Mula sa pahina 2)*

sya gaya ng *Department of Agrarian Reform, State Universities and Colleges* at mga pamahalaang lokal.

Ang paksang *Analysis of Marketing Plan for APTC* ay sinundan ng *workshop* kung saan sinagot ng mga kalahok ang 5 katanungan ukol sa *brief situational analysis* sa kasalukuyang *trading system*.

Sa huling araw, pinagkalooban ng *certificate of training* ang mga dumalo sa naturang 5-araw na pagsasanay. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO/ml jerez***

# NAPC nais...

*(Mula sa pahina 3)*

tional Statistical Coordination Board (NSCB) ay iniulat nito na ang lalawigan ng Camarines Norte ang siyang may pinakamababang insidente ng kahirapan sa Rehiyong Bikol. ***NORGEEN ABARCA/ jingcalimlim***


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
**Bantayog**
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte



**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDRRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# OPERASYON TABANG



Ang ilan sa bumubuo ng Team Camarines Norte na dumayo sa Samar





Cellphone Charging



BRGY SAN ANTONIO, BASEY SAMAR

| ZONE | POPULATION | NUMBER of FAMILIES | CASUALTIES DEAD | CASUALTIES MISSING | CASUALTIES INJURED | DAMAGED HOUSES TOTALLY DAMAGED | DAMAGED HOUSES PARTIALLY DAMAGED |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | 838 | 236 | 1 | 2 | 57 | 174 | 65 |
| II | 251 | 62 | 6 | 3 | 50 | 62 | |
| III | 234 | 59 | 2 | | 50 | 59 | 2 |
| IV | 160 | 38 | 2 | | 21 | 34 | 4 |
| V | 296 | 60 | 15 | 4 | 13 | 50 | 10 |
| VI | 645 | 161 | 13 | 3 | 71 | 131 | 10 |
| VII | 317 | 71 | 1 | | 15 | 43 | 28 |
| GRAND TOTAL | 2741 | 687 | 40 | 12 | 277 | 552 | 119 |







Umabot sa 701 residente ng Basey, Samar ang nabigyan ng atensyong-medikal sa kanilang mga sakit tulad ng: *acute respiratory infection* –106; *acute gastroenteritis* –23; *skin rashes* –15; *headache* -13; *infected wounds* -41; *numbness of extremities* -1; *toothache* -2; *abdominal pain* -8; *diabetes* -3; *lacerated wound and removal of foreign object* -5; *pregnant (consultation)* -1; *fever* -41; *chest and back pains* -11; *lumbar pain* -1; *fungal infection* -30; *insomnia* -2; *neonate (consultation)* -3; *hypertension* -18; *consultation service* -118; *confined with IV fluids* -14, at 245 katao ang nabigyan ng *multi-vitamins*.

Sa pamamagitan ng *generator set* na dala ng *Team Camarines Norte*, nakapag-*charge* ng kanilang *cellphones* ang mga kababayan natin sa Basey, Samar. Ito ang muling nagbukas ng linya ng komunikasyon nila sa kanilang mga kamag-anak at mahal sa buhay.

***Makikita sa mga larawan sa ibaba ang mga mamamayan ng Camarines Norte na nagboluntaryong tumulong sa paghahanda ng mga relief goods sa Camarines Norte Agro Sports Center noong ika-15 ng Nobyembre na siyang dinala ng Team Camarines Norte sa Basey, Samar noong Nobyembre 17 at ipinamigay sa mga biktima ng bagyong 'Yolanda'. Marami din ang nagpadala ng used clothing at iba pa.***

























***"VOLUNTEERISM IS AN ACT OF FAITH". Ito ang mensahe ni Rev. Fr. Cesar Echano sa misang inialay ng pamahalaang panlalawigan para sa paglulunsad ng Operasyon Tabang para sa mga nasalanta ng bagyong 'Yolanda'.***









# House Bill para sa cancer patient at honorarium ng BHW suportado ng CamNorte

Ang kanser ay nananatiling pangatlo sa nangungunang sanhi ng pagkamatay sa ating bansa na tumatama sa bata o matanda man, babae o lalaki, mayaman o mahirap man.

Batay rin sa ilang pag-aaral, taun-taong tumataas ang bilang ng mga nagkakaroon ng kanser, at maaari pang dumoble ang bilang ng kaso ng kanser sa mga susunod na dekada.

Para mapababa ang bilang ng mga nawawalang buhay dahil sa kanser, isinusulong ngayon ni Las Piñas *Rep*. Mark Villar ang *House Bill 3200* para sa paglalaan ng P1-bilyon *cancer assistance fund* bawat taon. Layunin nito na ang mga pasyenteng may kanser at kanilang pamilya ay matulungan sa gastusin sa pagbili ng gamot at pagpa-ospital.

Kaugnay nito, pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 404-2013 na sumusuporta sa naturang panukalang batas.

Sinabi ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel na higit sa problemang pampinansyal, ang emosyonal at sikolohikal na pasanin ang pinakamabigat na pinagdaraanan ng mga may kanser at kanilang pamilya lalo na ang mahihirap na halos hindi na nagpapagamot. Sakaling maisabatas, kahit paano ay mababawasan ang kanilang problema, at mararamdaman nila ang kalinga ng pamahalaan.

Sa ilalim ng panukalang batas, ang P1-B pondo para *sa cancer medicine and treatment assistance program* ay pamamahalaan ng *Phil-Health*. Ang mga benepisyaryo ay pipiliin ng *PhilHealth* sa pakikipagugnayan sa *Departments of Social Welfare and Development*, at *the Interior and Local Government*. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

Pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 422-2013 na sumusuporta sa *House Bill 0054* na nagtatakda sa pagbibigay ng *fixed honoraria* at karagdagang insentibo at benepisyo para sa mga *barangay health workers (BHWs).* Nakapaloob din dito ang pagamyenda sa *Republic Act 7883* na mas kilala bilang *'The Barangay Health Workers Incentives and Benefits Act of 1995'*.

Sa ilalim ng panukalang batas ni Negros Occidental *3rd District Rep*. Alfredo Benitez, tatanggap ng buwanang *honoraria* na P3,000.00 ang lahat na akreditadong *BHWs* sa iba't-ibang panig ng bansa bukod pa sa mga sumusunod na insentibo at benepisyo para sa kanila:

***1) P1,000.00 Hazard Allowance*** kung ang *BHWs* sa *rural* at *urban areas* ay mahahantad sa sitwasyon o kondisyon na maglalagay sa kanya sa panganganib o risgo (danger/risk) sa pagtugon nila sa tungkulin;

***2) P1,000.00 Subsistence Allowance*** kung ang *BHWs* ay maghahatidserbisyo sa malayo o *isolated health stations*;

***3) Compulsory PhilHealth Coverage*** kung ang *BHWs* ay nakapagsilbi na nang hindi bababa sa 6 na buwan, at;

***4) Insurance Coverage*** kung ang *BHWs* ay nakapagsilbi na ng hindi bababa sa 6 na buwan dapat siyang bigyan ng *insurance coverage* ng *GSIS* o alinman akreditadong *insurance company* na may halagang P10,000.00.

Ipinahayag kamakailan nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Gob. Edgardo A. Tallado na sinusuportahan nila ang pagpasa sa *HB 0054* bilang pagkilala sa mahusay na serbisyong ibinibigay ng mga *BHWs*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***




***Ibinahagi ni G. Rodolfo S. Benavidez ng Sto. Domingo, Vinzons (nasa gitna na may hawak ng tropeo) ang kanyang pagkapanalo sa mga opisyales ng lalawigan sa kanyang pagdalaw sa tanggapan sa kapitolyo noong ika -19 ng Nobyembre . Mula sa kaliwa—SP Member Senen Jerez; SP Member Mike Canlas, SP Member Renee Herrera, SP Member Jay Pimentel, Gob. Edgardo A, Tallado; G. Benavidez, SP Member Bong Quibral, Punong Barangay Manuel D. Obusan ng Sto. Domingo, Vinzons, SP Member Gerry Quiñones; SP Member Pol Gache; Vice Governor Jonah Pimentel; SP Member Tess Malubay at SP Member Erwin Lausin***

# Sining at Kultura dapat paigtingin konseho para dito itinatag

Ang Panlalawigang Ordinansa Blg. 21-2013 na mas lalong kilala bilang *Camarines Norte Historical, Culture and the Arts Council (CNHCAC) Ordinance of 2013* ay pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan sa bisa ng Resolusyon Blg. 366-2013 kung saan tinukoy rin ang mga layunin at gawain ng konseho.

Binuo ang *CNHCAC* bilang pagtalima sa *Memorandum Circular No. 2002-81* na ipinalabas ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* na nagtatakda sa pagbuo ng *Local Culture and the Arts Council* na titiyak hindi lamang sa pagprotekta, pagpayabong at pagsusulong ng kultura at sining sa lokalidad kundi gayundin ang mapalaganap ang ating *national pride* at *legacy*. Ang prinsipyo ng ordinansa ay susog sa itinatakda ng *Republic Act No. 7356* na siyang bumuo sa *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)*.

Ang *CNHCAC* bilang *local counterpart* ng *NCCA*, ang siyang magbabalangkas, bubuo at magpapatupad ng mga plano, polisiya, programa at proyektong mangangalaga at higit na magpapayabong at magpapaunlad sa ating kultura, sining at kasaysayan na sumasalamin sa ating pambansang kultura at humuhubog sa ating kalagayang pang-ekonomiko, pansosyal at pampulitikal man.

Pamumunuan *ni* Gob. Edgardo A. Tallado ang naturang konseho kasama ang *co-chairperson* na si Bokal Reynoir V. Quibral, *chairperson*, *SP Committee on Culture and the Arts* , at si Bokal Jay G. Pimentel, *chairperson*, *SP Committee on Education* bilang miyembro. Ang konseho ay kabibilangan din ng 7 indibidwal mula sa pribadong sektor na itatalaga ng gobernador para kumatawan sa *performing arts; visual arts; literature and history; research; print and broadcast media; celebrations and commemorations*, at *preservation and restoration of cultural heritage*.

***(Sundan sa pahina 7)***

# Magsasaka ng...

***(Mula sa pahina 8)***

*of Agriculture (DA)*, at iba pa na nagbigay sa kanya ng mga oportunidad para makadalo sa mga *trainings, seminars, orientations, conventions*, at iba pang kahalintulad na gawain na siyang nagpayaman sa kanyang kaalaman.

Ang *Universal Harvester, Incorporated* at *Junior Chamber International Philippines (JCIP)* na mga tagapagtaguyod ng *TO-FARM*. Ang *JCIP* na kilala noong dekada 70 bilang *Philippine Jaycees* at *JCIP* ngayon ang siya pa ring nagsusulong sa taunang paghahanap ng *The Outstanding Young Men of the Philippines (TOYM)* at *The Outstanding Filipino (TOFIL)*.

Sa huli, hinikayat ni Benavidez ang publiko na pasukin ang pagsasaka sapagkat may pangako itong ginhawa sa mga masisipag at matitiyaga. Dito nanggaling ang pinagpaaral niya sa 5 niyang anak.

Hanggang ngayon, ang may 2,000 metro kwadrado niyang lupain ay salit-salitan niyang tinataniman ng kamatis, sitaw, ampalaya, patola, talong, pipinito, sili, petsay, at *upland* kangkong kung saan kumikita umano siya ng humigitkumulang P80,000.00 bawat anihan.

Dahil sa kanyang dedikasyon, inanyayahan siya ni Gob. Edgardo A. Tallado na sumama sa *multi-services caravan* upang maibahagi niya sa publiko ang mga kaalaman at karanasan sa pagsasaka at magsilbi ring inspirasyon sa mga magsasaka na magsikap para katulad niya ay bumuti ang kalagayan sa buhay. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/jingcalimlim***

# 10 best tree...

*(Mula sa pahina 8)*

nubuo ng *technical staff* mula sa *PG PENRO na sina Teodoro Licarte at Christopher Obre at* kinatawan mula sa *Department of Environment and Natural Resources (DENR -CENRO)* na sina Marizon Vega at Concepcion Romero.

Tinatayang may 350.30 ektaryang lupain ang nataniman ng may 292,408 *seedlings* ng iba't-ibang *forestry species* na naipamigay ng *Provincial Environment and Natural Resources Office (PG PENRO) ng* pamahalaang panlalawigan sa iba't-ibang indibidwal at mga organisasyon, pribado at pampubliko simula 2003-2012.

***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ teodylicarte***

# Biktima ni...

*(Mula sa pahina 3)*

*nubay Department of Health upang rumisponde sa mga ganitong uri ng sitwasyon. Magugunitang ang HEMS team ng Provincial Hospital ang rumisponde agad sa aksidenteng kumitil ng maraming buhay ng mga kababayan nating taga-Capalonga dahil sa banggaan ng 3 malalaking sasakyan.* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING ARRIOLA CALIMLIM***

# Tuluy-tuloy...

***(Mula sa pahina 3)***

bibigay ng 1 rolyong *hose* na 1" at 9 na rolyo ng *hose* na ½" ang sukat. Tinatayang aabot sa humigit-kumulang 150 kabahayan ang mapapadaluyan ng tubig sa sandaling matapos ang proyekto.

Patuloy na nagsisikap si Gob. Tallado na mapagbigyan ang kahilingan at pangangailangan ng mga barangay sa lalawigan sa abot ng kakayahan ng pondo ng kanyang tanggapan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/nico velas***



Masayang tinanggap ng mga nahirang na Best Tree Planters ang kani-kaniyang tropeo ng pagkilala. *(Mula sa kaliwa)* Teody Licarte– EMS I ng *PGCN- PENRO*, Rey Mago (Malangcao, Labo) isang kinatawan ni Armando Asis (Bagong Silang Labo), Tito Valencia (Jose Panganiban) Engr. Pol Badiola-hepe ng Tanggapan ng PGCN-PENRO, Rey Eco (Dogongan, Daet) at Lilian Rafon (Dongogan, Daet). Wala sa larawan ang hindi mga nakadalo sa programa na sina dating Bokal Jeffrey Pandi ng Labo, Rafael Moraleda (Daet), Enrico Ibasco (Taisan, Basud) at Zoilo Bardon (Mangcamagong, Basud) at G. Benito Lukban (Lugui, Labo) ngunit dumating ang kanyang kinatawan na kabiyak na si Gng. Tentay Lukban.

# Mga guro bumida rin sa Aral-Kalikasan

Ang mga kabataang mag-aaral muli ang ginawang sentro sa mga gawaing itinakda sa Aral-Kalikasan *Program* (AKP) ngayong taon na taun-taong itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *LGU Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)* na pinamumunuan ni *PENRO Engr.* Leopoldo P. Badiola.

Ang *AKP* ay tinampukan ng *oratorical contest* at *environmental science quiz* na nilahukan ng mga mag-aaral mula sa 19 na mga pampubliko at pribadong paaralang elementarya sa lalawigan, at ang *Environmental Awareness Challenge for Teachers (E-ACT)* na para naman sa mga guro. Idinaos ang mga patimpalak noong Oktubre 30, 2013 sa *Audio-Visual Room (AVR)*, *3rd Floor Annex*, *Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte.

Ang mga nagwagi sa *environmental science quiz;* ay sina Viverly Rashad R. Reyes*(Daet ES),* ***1st place*** sa patnubay ng kanyang *coach* na si Glen Joy B. Abanes; *2nd* place - Sofia Isabel I. Cabral ng (Paracale *ES)* sa patnubay ng gurong si Myla Grace Raro, at *3rd place* si Camille C. Tuibeo ng Jose Panganiban *ES* sa gabay ng *coach* na si Luz C. Indionela.

Sa *oratorical contest*, nanguna si John Harold J. Nataño ng Labo *Elem. School* sa gabay ng *coach* na si Rosana R. Zenarosa; pumangalawa si Princess Merison I. Solver, Basud *Elem. School* (Zaida B. Orada), at pangatlo si Frances Nicole A. Labarro ng *DES* (Marife S. Maderazo).

Hindi rin nagpahuli ang kanilang mga guro na nagpakitang-gilas sa *E-ACT* kung saan nanguna si Mam Marife S. Maderazo ng *DES*; pumangalawa si Myamor S. Estrella ng Mercedes *Elem. School*, at pumangatlo naman si Mam Susan J. Maigue mula sa Sta. Elena *Elem. School.*

Ang mga nanalo sa patimpalak ay pawang pinagkalooban ng kaukulang gantimpalang salapi, tropeo, medalya at sertipiko ng pagkilala.

Taunang idinaraos ang *AKP* sa layuning mas lumawak ang kaalaman at pang-unawa ng mga kabataan sa kahalagahan ng kapaligiran. Binibigyang-diin din dito ang responsibilidad ng bagong henerasyon na pangalagaan ang kalikasan at mga likas-yaman nito bilang mga susunod na tagapangalaga at tagapamahala ng kapaligiran. ***Lorena Dela Torre-Ibasco***



***(Mula sa kaliwa-kanan) Coach Glen Joy B. Abanes, Viverly Rashad R. Reyes, Frances Nicole A. Labarro; ang 3 guro na nanalo sa E-ACT- Marife S. Maderazo, Susan J. Maigue, Myamor S. Estrella, Princess Merison I. Solver , Zaida B. Orada; John Harold J. Nataño at Rosanna R. Zenarosa.***

# Board passers...

*(Mula sa pahina 2)*

Nobyembre; *Lecture on Book Reading* noong Nobyembre 18 sa pamamagitan ni Professor Rex Bernardo at *Quiz Bee* noong Nobyembre 25 na sa pagkakataong ito ay para sa mga mag-aaral sa hayskul.

Nagwagi sina Mariel Cabanela Orpiada ng *Basud Nat'l HS ng* unang gantimpala; Grazielle Ann A. Sarical ng *Camarines Norte Nat'l HS* ikalawang gantimpala *at* Guia Candelaria ng *Vicente Basit Memorial HS* ikatlong gantimpala sa isinagawang *Quiz Bee* noong ika-25 ng Nob. sa *Provincial Library*.

Ang nasabing taunang selebrasyon ay alinsunod sa *Proclamation No. 837* na nagdeklara sa buwan ng Nobyembre bilang *Library Information and Services Month.* ***Lorena dela Torre Ibasco/Norgene Abarca***

# Reforestation...

***(Mula sa pahina 8)***

ng *Philippine Army*, mga miyembro ng *CCIAI* at ilang grupo ng mga kabataan sa barangay.

Sa bahagi naman ng humigit-kumulang na 4-ektaryang *secondary forest area* sa kahabaan ng Banca -Banca *Falls*, ang ilang kasapi ng *CCIAI* ay nakapagtanim na ng 2,600 semilya ng mahogany, pili at iba pang *forest tree species*.

Sa pamamagitan ng proyekto ay inaasahang unti-unting maibabalik ang tiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga *community meetings* at *planning; site development information; information, education and communication campaign (IEC)*, at iba pa. Ito ay inisyatibong pangkapayapaan at pangkaunlaran sa mga *conflict areas* katulad ng Brgy. Alayao. Nagsisilbi rin itong alternatibong hanapbuhay sa mga residente ng lugar kasabay ng pagprotekta sa kapaligiran para makamit ang likas-kayang kaunlaran sa mga *conflict-stricken areas.* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/teodylicarte***

# Konseho ng ...

***(Mula sa pahina 6)***

Magkakaroon din ng kinatawan mula sa *Provincial Budget Office*; *Provincial Tourism Council*, at 3 paaralan lalo na ang mula sa *academe's Arts and Culture Development* na itatalaga ng *Office of the Governor*. Kabilang din dito ang pangulo ng *League of Municipal Mayors of* Camarines Norte; *Schools Division Superintendent*; Kabalikat *CIVICOM Manager*; *Community Affairs Officer*; *Museum Curator*; *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Officer*, at kinatawan mula sa *religious sector*.

Magugunitang 15 taon na ang nakalilipas naitatag na rin sa Camarines Norte ang katulad na konseho. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Magsasaka ng Vinzons, nahirang na Outstanding Farmer ng bansa



Tinatanggap ni Rodolfo S. Benavidez ang gantimpalang P50,000.00 at kaukulang plake ng pagkilala bilang isa sa 4 na tinanghal na *national awardee* sa ***2013 Search and Award for The Outstanding Farmers of the Philippines (TOFARM).*** *Isinagawa ang awarding ceremony* sa Makati *Shangri-La*, Manila noong, Nob. 15, 2013.

Si Rodolfo S. Benavidez ng Sitio Mantabog, Brgy. Sto.Domingo, Vinzons ang isa sa 4 na tinanghal na *national awardee* sa *2013 Search and Award for The Outstanding Farmers of the Philippines (TOFARM)* sa ilalim ng *Individual Farmer Category-High Value Commercial Crops*.

Sinabi ni Benavidez na pakiramdam niya ay siya ang pinakamasayang tao sa mundo nang tawagin siya sa entablado at tanggapin niya ang plake kung saan nakaukit ang pangalan niya bilang *TOFARM national awardee*. Wala umanong pagsidlan ang kanyang kaligayahan sapagkat katangi-tangi ang preparasyon at seremonyang inihanda ng mga tagapagtaguyod ng *TOFARM.*

Ibinahagi rin ni Benavidez na kasama sa premyo niya ang 1-linggong *study tour* sa India sa dakong Pebrero o Marso 2014. Maliban sa *TOFARM award*, marami pang pampamahalaan at pribadong sektor ang kumilala sa kanyang kakayahan at kontribusyon sa agrikultura lalo na ang pagsusulong ng *organic farming*. Sa kasalukuyan, siya ay *agricultural consultant* ng *POMCAT* at *DQ Liwag High School*.

Ipinapalagay rin ni Benavidez na maaaring nakatawag-pansin sa mga hurado ang masinop niyang pagdokumento ng kanyang mga nagawa sa larangan ng agrikultura sa loob ng 41 taon simula pa noong 1972 at hanggang ngayon. Isang araw bago ang *awarding ceremony*, ilang opisyal ng *TOFARM* ang kumausap sa kanya na tila inaalam at tinataya ang antas ng kanyang kaalaman, kakayahan at kasanayan sa mga gawaing pansakahan base sa mga nakalahad sa dokumentong kanyang isinumite. Kasunod nito, kasama ang ibang *national finalists* ay sumailalim sila sa *orientation briefing*.

Ipinaabot din ni Benavidez ang pasasalamat niya sa pamahalaang lokal at panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*, at nasyonal na ahensiya tulad ng *Department of Agrarian Reform (DAR)*, *Department*

(Sundan sa pahina 6)


# Reforestation sa Banca-banca, tulong -tulong na isinusulong













Sa unang arangkada ng proyektong *Agro-Forest Planting of Mahogany Trees* sa Brgy. Alayao, Capalonga, may 3,200 semilyang punungkahoy ang naitanim ng *Cabibiroc Communal Irrigators Assn., Inc. (CCIAI)* kung saan pangulo si Danilo Zaño.

Isa ito sa mga proyekto sa ilalim ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) *Project* na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *PG Provincial Environment and Natural Resources Office (PG PENRO)*,

Sa *Ligua Communal Area* pa lamang kung saan nagmumula ang tubig na inumin at pangirigasyon ng barangay at karatig-lugar ay 600 *forestry seedlings* na ang naitanim gaya ng kamagong, katmon, narra at banocboc. Ito ay sa *tree planting cum team building* na isinagawa kamakailan sa 4 na ektaryang *agro-forestry plantation* sa *forest area* ng Brgy. Alayao kung saan sama-samang nagtanim ng mga punungkahoy ang mga opisyal ng Brgy. Alayao sa pangunguna nina PB Santiago Valdez at Kgd. Gloria Amazona. Tumulong din ang hanay

(Sundan sa pahina 7)

# 10 Best Tree Planters pinarangalan sa Aral Kalikasan Program

Matapos ang 5 buwan na pagsusuri, napili na ang 10 pinakamahuhusay na tagapagtanim ng mga puno bilang suporta sa *Millennium Seedling Production and Tree Planting Program (MSPTPP)ng Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)*

Ito ay sina Armando Asis (Bagong Silang Labo), Tito Valencia (Jose Panganiban), Rey Eco (Dogongan, Daet), Lilian Rafon (Dongogan, Daet), dating Bokal Jeffrey Pandi ng Labo, Rafael Moraleda (Daet), Enrico Ibasco (Taisan, Basud) , Zoilo Bardon (Mangcamagong, Basud) at G. Benito and Gng. Tentay Lukban (Lugui, Labo).

Isinagawa noong Oktubre 30, 2013 sa pagdiriwang ng *National Environment Month* at Aral-Kalikasan *Program* ang pagbibigay parangal sa mga magwawagi na dito ay binigyan ng plake ng rekognisyon at mga *planting materials* ang 10 *best performing beneficiaries/ recipients.*

Ngayong 2013 ang ika -10 taong implementasyon ng *MSPTPP* kung kaya pumili ng 10 *best performing beneficiaries/ recipients* upang kilalanin ang kanilang *good tree planting practices.*

Una rito pumili ng 50 indibidwal/grupo mula sa talaan ng *PG PENRO*, na nabigyan ng 1,000 at higit pa na pananim na punungkahoy bilang mga kwalipikadong kalahok.

Sinimulan noong Hunyo 2013 ang aktwal *field verification* ng kanilang forest plantation upang matasa *(assessment)* ang *survival rate* at *mean volume* ng mga punungkahoy na itinanim. Nagsasagawa din ng *face-to-face interview/inquiry*, upang malaman ang mga *best practices* na kanilang ipinatupad.

Ang *Inventory Team* na siyang nagbalangkas ng kaukulang *inventory* at *survey tools,* ay bi-

(Sundan sa pahina 7)